

ANNEX – Mga Legal na batayan/layunin para sa mga aktibidad sa pagproseso ng datos ng Tools for Humanity

Bakit Namin Pinoproseso ang Datos	Anong Personal na Datos ang Pinoproseso	Legal na Batayan para sa Pagproseso	Panahon ng Pagtatago
Upang malikha ang account mo sa World App	Wallet address, metadata, username	Pagsasakatuparan ng kontrata	Habang ginagamit mo ang aming Mga Serbisyo, o hanggang sa hilingin mong burahin ang datos.
Upang matiyak na nasa wastong edad ka	Petsa ng kapanganakan	Legal na obligasyon	Hindi kailanman itinago ang eksakstong petsa ng kapanganakan. Tinatago lamang namin kung lampas ka na sa edad ng pagiging legal na adulto sa bansa mo. Iniimbak namin ang impormasyong ito habang ginagamit mo ang aming mga Serbisyo o hanggang sa hilingin mong burahin ang datos.
Upang payagan ang mga contact mo na madaling makipag-ugnayan at makipagtransaksyon sa iyo, makatulong sa pagbabalik ng backup, at maitalaga ang mga referral	Numero ng telepono	Pahintulot	Habang ginagamit mo ang feature o hanggang sa hilingin mong burahin ang datos.
Upang mapadali ang iyong pakikipag-ugnayan at pakikipagtransaksyon sa mga contact mo	Mga contact sa address book	Pahintulot	Habang ginagamit mo ang aming Mga Serbisyo, o hanggang sa hilingin mong burahin ang datos.
Upang ipakita sa iyo ang mga Orb na malapit sa iyo	Impormasyon ng lokasyon	Pahintulot	Hanggang 24 buwan.

Upang iwasan ang panlilinlang	Metadata, mga IP address, Device ID	Lehitimong interes, partikular upang maiwasan ang ilang uri ng panlilinlang	Hanggang 24 buwan.
Upang matiyak na pinahihintulutan ang aming Serbisyo sa bansa o rehiyon mo	IP address, impormasyon ng lokasyon	Legal na obligasyon	Hanggang 24 buwan.
Upang maipakita ang self-custodial wallet mo at makapagbigay ng interface para sa mga transaksyon sa wallet	Wallet address, datos ng transaksyon	Pagsasakatuparan ng kontrata	Walang personal na datos ang iniimbak sa kontekstong ito.
Upang maipakita ang iyong self-custodial World ID at makapagbigay ng interface para sa mga beripikasyon	Antas ng beripikasyon	Pagsasakatuparan ng kontrata	Walang personal na datos ang iniimbak sa kontekstong ito.
Upang maipakita ang iyong mga sariling-pangangalagang Kredensyal at makapagbigay ng interface para sa pagbabahagi ng mga Kredensyal	Impormasyon ng kredensyal, impormasyon sa bisa ng kredensyal	Pagsasakatuparan ng kontrata	Walang personal na datos ang iniimbak sa kontekstong ito.
Upang suriin at pagbutihin ang aming mga Serbisyo at magsagawa ng pananaliksik sa agham ng datos	Datos ng paggamit at metadata, pampublikong datos ng transaksyon	Pahintulot	Hanggang 24 buwan. Pakitandaan na ang mga pampublikong transaksyon sa isang blockchain ay hindi nababago, ibig sabihin ay hindi na ito maaaring burahin.
Upang sumunod sa mga naaangkop na batas gaya ng batas laban sa money laundering at mga parusa.	Pampublikong datos ng transaksyon, wallet address	Legal na obligasyon	Tagal ng paggamit mo ng mga Serbisyo namin. Kung mayroon kaming makatuwirang hinala ng ilegal na gawain, tinatago Namin ang datos sa loob ng 5 taon para sa pagsunod sa mga kinakailangan sa pagsunod sa mga parusa. Pakitandaan na ang mga pampublikong transaksyon sa isang blockchain ay hindi nababago, ibig

			sabihin ay hindi na ito maaaring burahin.
Upang sumunod sa mga naaangkop na batas, gaya ng mga regulasyon sa nilalaman.	Nilalaman na pina-publish mo sa mga Mini App	Legal na obligasyon	Tagal ng paggamit mo ng mga Serbisyo namin. Kung mayroon kaming makatuwirang hinala ng ilegal na gawain, tinatago Namin ang datos sa loob ng 3 taon sakaling magkaroon ng anumang legal na aksyon sa hinaharap.
Upang paganahin ang komunikasyon at marketing.	Email address, mga push notification	Lehitimong interes, partikular upang ipaalam sa iyo ang mga kaugnay na kaganapan	Hanggang 24 buwan.
	Pakikipag-ugnayan mula sa iyo	Lehitimong interes, partikular upang tumugon sa pakikipag-ugnayan	Hanggang 24 buwan.
	Feedback mula sa iyo	Lehitimong interes, partikular upang tumugon sa pakikipag-ugnayan	Hanggang 24 buwan.
Upang tugunan ang iyong mga kahilingan, reklamo, at katanungan sa serbisyo sa customer	Impormasyon sa komunikasyon at email o pangalan ng social media profile kung pipiliin mong makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng mga paraang ito	Pagsasakatuparan ng kontrata	Hanggang 24 buwan.
Upang matiyak na maayos na gumagana ang app para sa iyo	Metadata, kabilang ang metadata ng device, IP address at kung kinakailangan, mga nakaraang interaksyon.	Pagsasakatuparan ng kontrata	Tagal ng paggamit mo ng mga Serbisyo namin.

Upang matuto mula sa iyong mga interaksyon sa aming mga Serbisyo at mapahusay ang mga ito	Metadata, mga nakaraang interaksyon at mga kaganapan.	Pahintulot	Hanggang 24 buwan.
Upang beripikahin ang device mo	Metadata ng device	Pagsasakatuparan ng kontrata	Tagal ng paggamit mo ng mga Serbisyo namin.
Upang iwasan ang panlilinlang	Metadata ng device, datos ng koneksyon tulad ng IP address	Lehitimong interes, partikular upang maiwasan ang panlilinlang	Hanggang 12 buwan; kung may matukoy na posibleng panlilinlang, tinatago Namin ang datos sa loob ng 5 taon.
Upang lutasin ang mga hindi pagkakaunawaan, ayusin ang mga isyung teknikal, at ipatupad ang aming mga kasunduan sa iyo, kabilang itong Patakaran sa Pagkapribado at aming Mga tuntunin at Kondisyon	Ang mga interaksyon mo sa World App at mga potensyal na identifier	Lehitimong interes, partikular upang ipatupad ang mga karapatan at lutasin ang mga hindi pagkakaunawaan	Tinatago lamang namin ang datos na ito kung may makatuwirang dahilan. Kaming maniwala na maaaring magkaroon ng hindi pagkakaunawaan at itago ito habang tumatagal ang hindi pagkakaunawaan, o sa loob ng 3 taon kung walang naging hindi pagkakaunawaan.